DYABETIS: MGA PANANDALIANG KUMPLIKASYON
IBA PANG MGA PANANDALIANG KUMPLIKASYON

Ang dyabetis ay mayroon pang ibang panandaliang kumplikasyon (bukod sa hypoglycemia) na mas malulubha at nangangailangan ng agarang atensyong medikal. Ang mga ito ay bunga ng hindi maayos na paggana ng mga organo ng katawan at ang mga ito ay may partikular na katangian ng manipestasyon.

Maaaring magkaroon ang isang tao ng mga kumplikasyon na ito kung ang kanyang dyabetis ay nagsimula bago siya sumapit sa gulang na 30 taon, kinailangang lunasan ng insulin mula sa simula pa lang, at kakikitaan ng mga sumusunod na sintomas:

- Tuyo at mainit na balat (dehydrated).
- Mabilis at mababaw na paghinga.
- Pagkalito at pagkahilo.
- Pagiging amoy mansanas.
- Alibadbad o pagduduwal.
- Pananakit ng tiyan.
- Resulta ng capillary glycemia (antas ng asukal sa dugo sa daliri), mas mataas sa 300 mg/dl.

Ang mga kumplikasyon ding ito ay nararanasan ng mga taong natukoy ang pagkakaroon nila ng dyabetis sa edad na mula 30-40 taon, karamihan sa kanila ay labis ang katabaan, higit sa lahat ang mas nakakatanda sa gulang na 50 taon. May ilang mga dyabetiko ang hindi pa natutukoy ang pagkakaroon nila ng dyabetis. Ito ay may kaugnayan sa isang karamdaman na bunga ng pagkakaroon ng dyabetis. Mapapansin sa mga dyabetikong ito ang mga sumusunod:

- Lubos na tuyong balat (lubos na dehydrated).
- Lubhang mataas na resulta ng capillary glycemia (hindi na kayang masukat ng aparato at walang numero ang lumalabas sa monitor, sa halip ay ang salitang ingles na HIGH (na nangangahulugang MATAAS).
- Pagkahilo at minsanang kawalan ng malay.

Ang higit sa isang sintoma ay nangangahulugan ng malalang kundisyon na nangangailangan ng agarang atensyong medikal.